

Patakaran sa kuwarentina para sa mga dayuhang kasambahay (Na-update noon ika-23 ng Agosto 2022)

Patakaran sa kuwarentina

Ang mga dayuhang kasambahay (FDHs) na dadating para magtrabaho sa Hong Kong simula ng ika-12 ng Agosto ay mapapasailalim sa kuwarentina na modelong 3+4. (pareho sa mga ibang parating na dayuhang pasahero), halimbawa sila ay mapapasailalim sa sapilitang kuwarentina sa dedikadong kuwarentin hotel (DQHs) ng tatlong araw, Pagkatapos ay apat na araw na medikal na pagmamatyag sa bahay ng kanilang amo. Sila ay kailangan magkaroon ng ilang pagsusuri habang nasa medikal na pagmamatyag at karagdang tatlong araw na pagsubaybay sa sariling kalusugan. Ang FDHs ay sakop ng Vaccine Pass na may dilaw na QR code habang nasa medikal na pagmamatyag, at bawal sila pumasok sa lugar na high-risk kung saan ay walang suot na mask o may mga grupong pagsasalo, at mga establecimiento na nangangaylangan ng proteksyon (Paki tignan ang (h) “Paalala sa mga amo at ahensiya ng empleyo” sa sumusunod).

Detalye ng patakaran para sa kuwarentina at pagsusuri na sakop ng modelong 3+4:

Unang araw ng pagdating (ika-siro na araw)	<ul style="list-style-type: none"> ● Pagsusuri ng unang nucleic acid test;
Tatlong araw na sapilitang kuwarentina (ika-isang araw hangang ika-tatlong araw)	<ul style="list-style-type: none"> ● Mapapasailalim sa sapilitang kuwarentina sa dedikadong kuwarentin hotel (DQHs) ng tatlong gabi (Impormasyon ng DQHs (kasama ang rate ng kuwarto) ay nandito sa listahan); ● Isagawa ang araw-araw na rapid antigen test (RATs); ● Isagawa ang nucleic acid test sa ika-2 araw sa DQHs; at ● Magtatapos and kanilang sapilitang kuwarentina sa umaga ng ika-3 araw kapag sunod-sunod na negatibo and kanilang resulta;
Apat na araw na medikal na pagmamatyag (ika-apat hangang ika-pitong araw)	<ul style="list-style-type: none"> ● Apat na araw na medikal na pagmamatyag sa bahay ng kanilang amo o lisensyadong hotel at guesthouse na hindi DQHs; ● Isagawa ang araw-araw na RATs; ● Ang FDHs ay maaaring magtrabaho sa bahay ng kanilang amo at lumabas ng bahay pagkatapos ng negatibong resulta ng pagsusuri RATs noon araw na yun, pero sila ay sakop ng Vaccine Pass na may dilaw na QR code; at ● Pagkatapos ng negatibong resulta ng RATs sa ika-4 na araw at ika-6 na araw, sa araw na yun sila ay kailangan sumailalim sa nucleic acid test sa isang community testing center (libre), mobile specimen collection station (libre), o magbayad sa pribadong lokal na institusyon medikal na kinikilala ng Gobyerno;
Sunod-sunod na pagsubaybay at pagsusuri (tatlong araw na pagsubaybay sa sarili) (ika-walo hangang ika-sampung araw)	<ul style="list-style-type: none"> ● Sasailalim sa tatlong gabi na pagsubaybay sa sariling kalusugan sa bahay ng kanilang amo o lisensyadong hotel at guesthouse na hindi DQHs; ● Isagawa ang araw-araw na RATs; ● Ang FDHs ay maaaring magtrabaho sa bahay ng kanilang amo at lumabas ng bahay pagkatapos ng negatibong resulta ng pagsusuri RATs noon araw na yun, pero sila ay hindi na sakop ng Vaccine Pass na may dilaw na QR code; at ● Pagkatapos ng negatibong resulta ng RAT sa ika-9 na araw, sa araw na yun sila ay kailangan sumailalim sa nucleic acid test sa isang community testing

	center (libre) , mobile specimen collection station (libre) , o magbayad sa pribadong lokal na institusyon medikal na kinikilala ng Gobyerno .
--	--

Halimbawa: Kung ang FDH ay dumating ng Hong Kong sa ika-12 ng Agosto, ang araw ng pagdating ay ika-0 na araw. Magtatapos ang kuwarentina sa DQH sa umaga ng ika-tatlong araw (ika-15 ng Agosto). At matatapos ang medikal na pagmamatyag sa umaga ng ika-pitong araw (ika-19 ng Agosto). Habang nasa medikal na pagmamatyag at pagsubaybay sa sariling kalusugan, ang FDH ay kailangan mapasailalim sa araw-araw na RAT mula sa ika-apat na araw (ika-16 ng Agosto) hangang ika-sampung araw (ika-22 ng Agosto) (kasama ang dalawang araw na eto) at nucleic acid test sa ika-apat na araw (ika-16 ng Agosto), ika-anim na araw (ika-18 ng Agosto) at ika-siyam na araw (ika-21 ng Agosto).

Transisyonal na Pagsasaayos: Para sa mga FDHs na natapos ang tatlong gabi na kuwarentina sa DQHs bago ang ika-12 ng Agosto, Pinayagan na ng Gobyerno umalis ng hotel ang mga FDHs sa maayos na pamaraan noong ika-9 hangang ika-12 ng Agosto pagkatapos ng kanilang negatibong resulta ng nucleic acid test. Pagkaalis ng DQHs, ang FDHs ay isasailalim sa medikal na pagmamatyag sa bahay, sakop sila ng Vaccine Pass na may dilaw na QR Code at dapat isagawa ang mga kinakailangan nucleic acid tests sa ika-apat, ika-anim at ika-siyam na araw kung umalis na sila ng DQHs noong mga araw na iyon. Kailangan ipagpatuloy nila ang araw-araw na RATs.

Mga kinakailangan bago makasakay ng eroplano

Ang FDHs na may wastong dokumento sa paglalakbay at wastong bisa sa pagtrabaho ay makakapasok/makakabalik ng Hong Kong kung sumasangayon sa pangkalahatang regulasyon ng imigrasyon. Ang mga kinakailangan bago makasakay ng eroplano para sa FDHs na may bakuna at nanatili sa ano mang lugar sa labas ng Tsina habang nasa nauukol na panahon (ang araw ng paglipad/pagdating sa Hong Kong o habang nasa 14 na araw bago yun araw na yun) ay ang sumusunod:

- a. (i) Patunay ng negatibong resulta ng PCR-based nucleic acid test para sa COVID-19 na sinuri 48 oras; o (ii) record na nagpapatunay na sila ay infected ng covid-19 14 hangang 90 na araw bago lumipad patungong Hong Kong, kasama ang negatibong resulta ng RAT 24 oras bago ang takdang oras ng paglipad papuntang Hong Kong.
- b. QR code para sa deklarasyon ng kalusugan (kasama ang deklarasyon ng [record ng bakuna](#)) (mangyaring tignan ang “Mga pamamaraan para sa pagsakay ng eroplano papuntang Hong Kong at kuwarentina sa pagdating at pagsusuri” sa ibaba); at
- c. (Kung ang QR code para sa deklarasyon ng kalusugan ay hindi berde) [Kumpirmasyon ng reserbasyon ng kuwanto](#) sa DQH para sa tatlong gabi simula sa araw ng pagdating sa Hong Kong.

Mga pamamaraan para sa pagsakay ng eroplano papuntang Hong Kong at kuwarentina sa pagdating at pagsusuri

Simula sa 0.00am ng ika-12 ng Agosto (Oras ng Hong Kong), lahat ng FDHs na sasakay ng eroplano papuntang Hong Kong ay kailangan masunod ang mga kinakailangan bago makasakay ng eroplano sa pagkumpleto ng online Health & Quarantine Information Declaration ng Kagawaran ng Kalusugan (www.chp.gov.hk/hdf/) nang-advance, i-deklara ang record ng pagbakuna at ang detalye ng booking sa DQHs. Pagkatapos i-kumpirma ng sistem ang detalye ng booking sa DQHs, Makakatanggap ang

FDHs ng berde na QR Code. Ang mga pasaherong my berde na QR code ay hindi kailangan sumailalim sa pag-verify ng record ng bakuna at detalye ng booking sa DQHs sa pag check-in. Pagdating ng Hong Kong, ipakita ang berde na QR code at pwede nilang gamitin ang express channels at transportasyon papunta sa DQHs.

Para naman sa mga pasaherong my record ng bakuna pero wala sa sistem yun detalye ng booking sa DQHs, Bibigyan sila ng pink na QR code. Kailangan mapakita ang detalye ng booking sa DQHs pag nag check-in para makasakay ng eroplano.

Kailangan ipakita ng mga pasaherong sasakay ng eroplano ang health declaration QR code (pwedeng downloadable bersyon ng QR code, screen shot o kopya) sa airlines bago sila papayagan sumakay ng eroplano.

Para sa detalye, basahin ang pahayag ng Gobyerno noong ika-8 ng Agosto (www.info.gov.hk/gia/general/202208/08/P2022080800803.htm).

Paalala sa mga amo at ahensiya ng empleyo

- (a) Ang mga amo at ahensiya ng empleyo (EAs) ay kailangan suriin ang impormasyon ng paglipad at magbigay ng sapat na oras para sa paghanda ng kinakailangan dokumento at ikumpleto ang proseso kapag aayusin ang pagpunta ng FDHs sa Hong Kong. Ang mga amo at EAs ay kailangan mag-book ng kuwarto para sa kuwarantina ng tatlong gabi para sa kanilang FDHs. Kung mayroon pagbabago sa reserbasyon, ang FDHs ay kailangan ma-alerto at bigyan ng pinakahuling dokumento ukol sa reserbasyon ng kuwarto. Para naman sa FDHs na gustong magsabay sa isang kuwarto kasama ang kanilang pamilya o ibang kasama, mangyaring [mag-klick](#) dito para basahin ang Q13 ng Mga Karaniwang Katanungan (Para sa mga babalik na pasahero) sa COVID 19 website para sa kaugnayan detalye.

Paalala, ayon sa Pamantayang Kontrata sa Pag-eempleyo para sa FDHs na dapat bigyan ng Amo ang Kasambahay ng akmang tirahan na walang bayad. Halimbawa ng hindi akmang tirahan ay ang Kasambahay ay nakikitulog sa kuwarto ng isang taong nasa hustong gulang/teenager ng hindi kapareho ng kasarian.

- (b) Sa pag sangalang-alang sa kundisyon ng ibang pamilya, ang kalihim ng Kagawaran ng Paggawa ay inaproba na pwedeng patirahin ng mga Amo ang kanilang kasambahay sa lisensyadong hotel at guesthouse na hindi DQHs para tapusin ang apat na araw na medikal na pagmamatyag at tatlong araw na pagsubaybay sa sariling kalusugan. Hindi na kailangan mag-apply sa Kagawaran ng Paggawa (LD). Kung ang mga amo o EAs ay nais patirahin ang FDHs sa mga lisensyadong hotel at guesthouse na hindi DQHs habang nasa medikal na pagmamatyag at pagsubaybay sa sariling kalusugan. Eto ang [link](#) para sa listahan ng mga lisensyadong hotel at guesthouse.
- (c) Ang mga amo at EAs ay kailangan paalalahanan ang mga FDHs sa pagkumpleto ng online Health & Quarantine Information Declaration ng Kagawaran ng Kalusugan (www.chp.gov.hk/hdf/) nang-advance, i-deklara ang record ng pagbakuna at ang detalye ng booking sa DQHs para makatangap ng berde na QR Code (itoy ay pwedeng downloadable bersyon ng QR code, screen shot o kopya) at ipakita sa airlines bago sila papayagan sumakay ng eroplano.
- (d) Ang mga FDHs na nakatapos ng tatlong gabing sapilitang kuwarantina ay maaaring ng

magtrabaho sa bahay ng kanilang amo pinakamaaga sa ika-apat na araw, habang ipinagpatuloy ang apat na araw na medikal na pagmamatyag at karagdagang tatlong araw na pagsubaybay sa sariling kalusugan. **Sila ay kailangan mapapasailalim sa araw-araw na RAT mula sa ika-apat na araw hangang ika-sampung araw (kasama ang dalawang araw na eto) at nucleic acid test sa ika-apat, ika-anim at ika-siyam na araw sa isang community testing center (libre), mobile specimen collection station (libre), o magbayad sa pribadong lokal na institusyon medikal na kinikilala ng Gobyerno pagkatapos ng negatibong resulta ng RATs noon araw na yun. Ang FDHs ay dapat itago ang lahat na SMS (mensahe sa cellphone) na naglalaman ng resulta ng pagsusuri at litrato ng resulta ng RAT para sa inspeksyon ng nakatakdang opisyal;**

- (e) Kung ang FDHs ay natapos ang hindi bababa sa tatlong gabi na kuwarentina sa DQHs bago ang ika-12 ng Agosto at pinayagan umalis ng DQHs, sila ay mapapasailalim sa medikal na pagmamatyag at pagsubaybay sa sariling kalusugan sa bahay ng kanilang amo o lisensyadong hotel at guesthouse na hindi DQHs, sakop sila ng Vaccine Pass na may dilaw na QR Code (habang nasa medikal na pagmamatyag), at dapat isagawa araw-araw ang mga kinakailangan RATs at nucleic acid tests sa ika-apat, ika-anim at ika-siyam na araw kung sila ay umalis na ng DQHs sa mga araw na yun. Ayon sa kasunduan ng Gobyerno at DQHs, kung mayroon pagbabawas ng panahon sa pag-kuwarentina dahil sa pagbabago ng patakaran sa kuwarentina, ang DQHs ay kailangan ibalik ang bayad sa nag-book ng kuwarto.
- (f) Ang mga amo at EAs ay dapat irehistro ang tunay na pangalan na nakalagay sa wastong pasaporte ng FDHs para sa pagreserb ng kuwarto sa kuwarentin hotel. Bago gawin ang reserbasyon, ang mga amo at EAs ay dapat basahin mabuti ang mga tuntunin at kundisyones ng naturang hotel.
- (g) Ang FDHs na sakop ng QR code na dilaw habang nasa medikal na pagmamatyag ay pwedeng gawing ang pang araw-araw na pangangailangan na lower risk kagaya ng pagsakay sa pang-publikong transportasyon, pagpasok sa supermarket at palengke at iba pa.
- (h) Ang mga taong nasa kategorya ng dilaw na QR code ng Vaccine Pass ay hindi pwedeng pumasok sa mga lugar na nasasailalim ng active checking at mga lugar na nabibilang sa kategoryang kostomer o bisita:
 - Lugar na kasama sa Pagpipigil at Pagkontrol ng Sakit (Pangangailangan at Direksyon) (Negosyo at Lugar) Regulasyon (Cap. 599F) itong mga lugar na sakop ng active checking ng Vaccine Pass.
 - Lugar na nangangailangan gumamit ng QR Code Verification Scanner at sakop ng Cap. 599F, halimbawa lugar na nagseserb ng pagkain (kasama ang bar o pub), amusement game center, bathhouse, fitness center, game center na pambata, establecimiento na may sumasayaw at kumakanta na nasa loob ng gusali, party room, establecimiento na may serbisyong pagmamasaha, club house, club o nightclub, establecimiento na may karaoke, establecimiento na may madjong o sugalan, sport center na nasa loob ng gusali, swimming pool, cruise ship, mga pagtipon-tipon na nasa loob ng gusali, gupitan o beauty parlor at simbahan.
 - Mga establecimiento na kailangang suriin ang Vaccine Pass kung maaari, halimbawa sayawan at kantahan na nasa labas ng gusali, lugar na para sa isports na nasa labas ng gusali at mga pagtipon-tipon na nasa labas ng gusali.
 - Iba pang mga establecimiento: tirahan para sa mga matatanda, tirahan para sa mga taong may kapansanan, paaralan at lugar na itinalagang lugar na healthcare.

Paalala sa FDHs

Ang Gobyerno ay nagpapaalala din sa mga FDHs na mahigpit na sumunod sa mga patakaran ng pagsakay sa eroplano. Kung ang FDH ay hindi makasunod sa mga patakaran, maaring hindi payagan sumakay ng eroplano papunta ng Hong Kong ang FDH o hindi payagan pumasok pagdating sa Hong Kong. Ayon sa Pagpipigil at Pagkontrol ng Sakit (Regulasyon ng hanganang ng Pagtawid ng mga Sasakyan at Pasahero) Regulasyon (Cap. 599H), kung ang isang pasahero na pupunta ng Hong Kong ay nabigo sa pagsunod sa patakaran at magbigay ng impormasyon, o nalalaman o walang ingat na nagbigay ng impormasyon na mali o nakaliligaw sa isang materyal na partikular, siya ay mananagot sa paghatol ng pinakamataas na multa sa antas 3 (\$10,000) at pagkakulong ng anim na buwan. Kung may pinaghihinalaan paglabag na nakita, bukod sa pagsasagawa ng imbestigasyon at pinagiisipan paglalabas ng prosekusyon, ang Gobyerno ay ipapaalam sa kaugnay na konsulado sa Hong Kong at Kagawaran ng Imigrasyon. Ang hinaharap na aplikasyon ng FDH ukol sa bisa ng pagtrabaho ay maaapektuhan.

Nasasailalim sa Sapilitang Kuwarentina ng mga taong dadating sa Hong Kong galing sa Dayuhan Lugar Regulasyon (Cap. 599E), ang Kagawaran ng Kalusugan ay magbibigay ng kautusan sa sapilitang kuwarentina sa mga magbabalik na pasehero. Ayon sa utos ng kuwarentina, sila ay hindi pwedeng umalis ng kuwarto ng hotel o lumigid sa loob ng hotel habang nasa nakatakdang oras ng kuwarentina. Ang pag-alis ng itinalagang kuwarto ay ituturing paglabag sa kautusan ng kuwarentina at maituturin isang kriminal na opena. Ang mga nagkasala ay mananagot sa pagkakulong ng anim na buwan at pinakamataas na multa na \$25,000.

Sa paggalang sa sapilitang pagsusuri, ang Gobyerno ay nagpapaalala sa mga FDHs na masagawa ng araw-araw na RAT test simula sa ika-apat hangang ika-sampung araw at nucleic acid test sa ika-apat, ika-anim at ika-siyam na araw. Ang FDHs ay dapat itago ang lahat na SMS (mensahe sa cellphone) na naglalaman ng resulta ng pagsusuri at litrato ng resulta ng RAT para sa inspeksyon ng nakatakdang opisyal. Sinuman mabigo sumunod sa kautusan sa sapilitang pagsusuri o direksyon ng sapilitang pagsusuri maituturin isang opena at ang pinakamataas na multa na antas 4 kapag nahatulan ay (\$25,000) at pagkakulong ng anim na buwan. Ang hindi sumunod sa kautusan ay haharap sa kaukulang multa na \$10,000. Maaari ring patawan ang tao ng kautusan sa sapilitang pagsusuri na pipilit sa kanyang sumailalim sa pagsusuri sa loob ng itinakdang haba ng panahon. Ang pagkabigong sumunod sa kautusan ay isang pagkakasala at mananagot ang nagkasala sa multang nasa antas 5 (\$50,000) at pagkakulong ng anim na buwan.

Kaugnayang Impormasyon

- [Pahayag ng Gobyerno noong ika-8 ng Agosto 2022 tungkol sa “Anunsyo ng Gobyerno sa pag-aayos sa patakaran ng kuwarentina para sa mga pasaherong dadating ng Hong Kong”](#)
- [Pahayag ng LD noong ika-10 ng Agosto tungkol sa” Pinakahuling patakaran sa kuwarentina para sa mga dayuhang kasambahay”](#)
- [Patakaran sa pagsakay ng eroplano at Kuwarentina para sa mga taong dadating ng Hong Kong](#)
- [Payo pang kalusugan para sa padating na pasahero habang nasa panahon ng sapilitang kuwarentina](#)
- [Mga puntos na dapat tandaan kapag titira sa Hotel para sa Kuwarentina.](#)
- [Mga puntos na dapat tandaan ukol sa pagsubaybay sa sariling kalusugan para sa papadating na pasahero](#)
- [Ang pahayag ng Gobyerno noon ika-8 ng Agosto ukol sa “Gobyerno nag-anunsyo ng](#)

[pagpaganda ng Vaccine Pass](#)

Para sa mga sumusunod na linguahe, mangyaring paki tignan ang bahagi ng “Patakaran sa kalusugan ukol sa Kuwarantina para sa magbabalik na pasahero” sa website ng Sentro para sa Proteksyon ng Kalusugan ng Kagawaran ng Kalusugan.

- Bahasa Indonesia: www.chp.gov.hk/en/features/102790.html#HQA01
- Bengali: www.chp.gov.hk/en/features/102796.html#HQA01
- Hindi: www.chp.gov.hk/en/features/102743.html#HQA01
- Nepali: www.chp.gov.hk/en/features/102786.html#HQA01
- Tagalog: www.chp.gov.hk/en/features/102791.html#HQA01
- Thai: www.chp.gov.hk/en/features/102788.html#HQA01
- Sinhala: www.chp.gov.hk/en/features/102799.html#HQA01
- Urdu: www.chp.gov.hk/en/features/102787.html#HQA01
- Vietnamese: www.chp.gov.hk/en/features/102797.html#HQA01

Katanungan

Kagawaran ng Kalusugan

- Sentro para sa Proteksyon ng Kalusugan Hotline: 2125 1111 / 2125 1122 / 183 0111
- Sapilitang Pagsusuri Hotline: 6275 6901
- Gobyerno ng HKSAR COVID-19 WhatsApp Helpline: 9617 1823

LD

Para sa katanungan, mangyaring makipag-ugnayan sa LD sa mga dedikadong FDH hotline 2157 9537 (sakop ng “1823”) o mag-email sa fdh-enquiry@labour.gov.hk.